# Sino ang maaaring makaboto?

**Maaari kang makaboto kung totoo ang *lahat* na sumusunod na mga pangungusap:**

- Ako ay 18 taong gulang bago ang petsa ng halalan.
- Ako at ang aking anak ay parehong nakatira sa San Francisco.
- Ako ay magulang, legal guardian, o tagapagalaga ng batang wala pang 19 taong gulang.
- Hindi ako nakakulong sa prisohan sa ngayon, o nasa parole dahil sa pagkamit ng isang mabigat na kasalanan na nahatulan.
- Walang korte sa United States na nakapagsabi na ako ay "wala sa matinong pagiisip."

Kung ang lahat ng mga ito ay totoo para sa iyo, maaari kang makaboto sa eleksyon para sa San Francisco School Board Elections at Recall Elections.

Makatutulong sa pagbabago ng mga eskwelahan ang iyong boto. Ito ay isang oportunidad na maging mas mahusay ang mga eskwelahan para sa iyong mga anak at iba pang mga kabataan mula sa mga pamilyang imigrante.

Ang pagboto para sa School Board ay iyong karapatan bilang bahagi ng bagong batas na tinatawag na "Non-Citizen Voting Rights" o "Karapatang Bumoto ng mga di US Citizen." Hindi mo maiboboto ang SINUMAN, tulad ng supervisor, mayor, gubernador o senador.

# Paano ako makaboboto?

## 1 Magparehistro para bumoto at kumuha ng liham ukol sa "Karapatang Makaboto."

- Kumuha ng "porma sa pagparehistro ng botanteng hindi citizen" ("non-citizen voter registration form") mula sa alinmang mga organisasyon na nasa likod nitong polyeto. Tiyaking hindi "karaniwang porma sa pagparehistro ng botante" ("standard voter registration form") ang maibibigay sa iyo - ang mga ito ay para sa mga US citizen lamang.
- Kumpletuhin ang iyong porma. Pirmahan at ibalik sa Department of Elections.
- Humingi ng liham ukol sa "Karapatang Bumoto" ("Right to Vote"). Napakaimportante nito sa kaso na mag-apply ka na maging US citizen. Maaari mong hilingin ang sulat na ito sa Department of Elections sa City Hall o tumawag lamang sa (415)554-4375.

## 2 Tingnan ang iyong mga liham!

- Makatatanggap ka ng impormasyon kung saan ka boboto at ang mga pangalan ng mga kandidato.

## 3 Bumoto!

- Pumunta sa iyong presinto sa araw ng botohan. Humingi ng "balota para sa non-citizen." Mayroon silang mga balota sa wikang Ingles, Espanyol, Chinese, at Tagalog. Kung ang iyong balota ay may impormasyon sa pagboto sa mayor, governor o anupaman, ibalik ito. Tiyakin din na walang nakasulat na "balotang probisyonal" ("provisional ballot"). Kung hindi ka sigurado, magtanong.
- Kumpletuhin at ibigay ang iyong balota.

# Ano ang mga benepisyo at mga posibleng peligro?

**Sa pagboto,** higit kang masasangkot sa edukasyon ng iyong anak. At, matututunan ng school board kung ano ang mga mahalaga sa mga imigranteng pamilya tulad ninyo.

**Ligal ang iyong pagboto para sa School Board ng San Francisco,** kahitpaman hindi ka citizen. Ngunit, may mga ilang peligro. Ang pagboto ay ibang paraan ng pamahalaang pederal ng US at ng ICE na malaman kung sino ka, kabilang na rito ang iyong pangalan at iyong tirahan.

**Bago ka magparehistro para bumoto,** mahigpit naming mungkahi na makipagusap ka sa isang abugadong pang-imigrasyon o sa isang organisasyong kabisado ang tungkol sa mga peligrong ito. At, kapag nagparehistro ka o pagkatapos mong bumoto, tiyakin mong makahingi ng liham na "Karapatang Makaboto" (Right to Vote Letter). Itabi ang liham na ito para sa iyong aplikasyon para maging US citizen sakali man.

**Kahitpaman mayroong mga peligro,** ang pagboto ay isang mahalagang paraan upang matiyak na maririnig ng San Francisco Unified School District ang iyong boses at malaman kung ano ang mahalaga sa iyo at iyong pamilya.

**Hayaang marinig ang iyong boses!**

# Alamin ang iyong karapatan!

- Huwag buksan ang pintuan kung pumunta ang ICE sa iyong tahanan.
- Hindi maaaring pumasok ang ICE sa inyong tahanan nang walang "balidong warrant." Ito ay isang kapirasong papel na nagbibigay permiso sa ICE na pumasok sa iyong tahanan - pero kailangan nitong mayroong ispesipikong impormasyon, kabilang na ang iyong pangalan at tirahan, at ang pirma ng isang huwes o husgado. Mungkahi namin na kuhaan mo ito ng picture.
- Manatiling tahimik. Hindi mo kailangang sagutin ang anumang mga katanungan ng o makipagusap sa ICE.
- Huwag pumirma sa kahit anuman nang wala ang iyong abugado.
- Tumawag sa telepono. Maaari mong tawagan ang Rapid Response Hotline para sa libre at kagyatang tulong, 24 na oras bawat araw, 7 araw bawat isang linggo: (415) 200-1548.

## Rapid Response Hotline

**(415) 200-1548**

Tawagan ang numerong ito, 24 oras bawat araw, anumang araw, para iulat ang aktibidad ng ICE sa San Francisco at para maprotektahan ang inyong komunidad.

## Mga Kontak

(lahat ay nasa San Francisco)

**Department of Elections**
1 Carlton B. Goodlett Pl., Room 48
(415) 554-4375 sfelections.sfgov.org

**African Advocacy Network***
3106 Folsom St.
(415) 503-1032 aansf.org

**Arab Resource and Organizing Center***
522 Valencia St.
(415) 861-7444 araborganizing.org

**Central American Resource Center***
3101 Mission St.
(415) 642-4400 / (415) 872-7465 carecensf.org

**Chinese for Affirmative Action***
17 Walter U. Lum Pl.
(415) 274-6750 caasf.org

**Coleman Advocates for Children and Youth**
459 Vienna St.
(415) 239-0161 colemanadvocates.org

**La Raza Community Resource Center***
474 Valencia St., Suite 100
(415) 863-0764 larazacrc.org

**Mission Economic Development Agency**
2301 Mission St., Suite 301
(415) 282-3334 medasf.org

**Mission Graduates**
3040 16th St.
(415) 864-5205 missiongraduates.org

* = Kabilang sa San Francisco Immigrant Legal & Education Network

**Ang pagsisikap na ito ay suportado ng:**

SFILEN

CITY & COUNTY OF SAN FRANCISCO
OFFICE OF CIVIC ENGAGEMENT & IMMIGRANT AFFAIRS

**immigrants.sfgov.org**



**Pagboto sa Eleksyon para sa School Board ng San Francisco:**

# Hindi kailangang US citizen ka!